Volume 4 | Issue 1 | June 2026
*Philippine Journal of Media & Information Literacy*

# TANGHAL-IDENTIDAD: DISKURSO-ANALISIS SA MGA IMAHEN AT WIKA NG DIHITAL NAPAGTATANGHAL NG SARILI SA GRINDR

***Dr. Eusebio Q. Aldea***
Polytechnic University of the Philippines
Graduate School
eusebioquietaaldea@gmail.com

**ABSTRAK**

Layunin ng pag-aaral na ito na suriin kung paano ginagamit ng mga Pilipinong kalalakihan sa LGBTQ+ ang wika, simbolo, at biswal na pagtatanghal sa Grindr upang buuin at palakasin ang kanilang sekswal, pangkasarian, at kultural na identidad. Nakatuon ito sa limampung (50) aktibong gumagamit sa Kalakhang Maynila at ginamitan ng Multimodal Critical Discourse Analysis o *MCDA*, *purposive sampling*, at *longitudinal observation* upang matukoy ang mga padron sa *self-presentation* batay sa *bio*, larawan, *emojis*, at iba pang multimodal na anyo. Lumabas na ang *bio* ay nagsisilbing entablado ng pagpapahayag ng sarili. Natukoy ang anim na estratehiya sa wika: *euphemism*, direktang pagbanggit ng *sexual role*, pagpapakita ng maskulinidad o *femininity*, *modalidad* at direktiba, emosyonal na pagbubukas, at pag-iwas. Sa biswal na dimensyon, tampok ang *gym* o *topless photos*, mga *props*, *fragmented images*, *default icons*, at *emojis* bilang pagpapalawig ng kahulugan. Ipinakikita ng pag-aaral na ang Grindr ay espasyo ng ahensiya at pakikibaka bilang larangan ng gahum at kontra-gahum sa paghubog ng *queer* na identidad sa Pilipinas.

**Keywords:** *Grindr, Imahen, LGBTQ+, MCDA, at Wika*

## Panimula

Ang panliligaw sa Pilipinas ay isang institusyong sosyo-kultural na higit pa sa simpleng pagpapahayag ng damdamin ng isang indibidwal. Ito ay nakaugat sa pamilya, komunidad, at mga umiiral na pamantayang moral at kultural na humuhubog sa paraan ng pakikipag-ugnayan at pagbubuo ng romantikong relasyon. Kaugnay nito, ang konsepto ng kapwa bilang "shared identity" ay nagpapakita na ang ugnayan ng mga Pilipino ay hindi lamang indibidwal kundi nakabatay sa kolektibong kamalayan at interaksyon (Enriquez, 1992). Sa pre-kolonyal na panahon, ang panliligaw ay hindi lamang personal na usapin kundi may implikasyong panlipunan at pampamilya. Isinasakatuparan ito sa pamamagitan ng paninilbihan at pagbibigay-kaya, at ginagabayan ng matatanda at mga tagapangalaga ng moral, espiritwal, at panlipunang kaayusan. Sa tradisyonal na konteksto, ang panliligaw ay isang pormal na proseso na may malakas na partisipasyon ng pamilya at mga ritwal tulad ng harana at pamamanhikan, na nagpapakita ng dedikasyon at respeto sa dangal ng babae at ng kaniyang pamilya (Torres, 2005, pp. 4–8). Sa pagdaan ng panahon at pagbabago ng lipunan, nagkaroon ng mas indibidwalistang pananaw sa romantikong ugnayan at komunikasyon. Ipinakita ng isang pag-aaral na may makabuluhang shift sa paraan ng courtship mula sa tradisyonal tungo sa modernong komunikasyon, kasama na ang paggamit ng telepono, text-based na pakikipag-ugnayan, at social media, na nagbigay-daan sa mas mabilis at personal na interaksyon ngunit may dalang pagbabago sa ritmo at karakter ng mga relasyon (Umali, 2018, pp. 15–22). Sa dekada 2010 hanggang sa kasalukuyan, ang pag-usbong ng mga digital dating application ay lalong nagpalalim sa mga pagbabagong ito. Ayon sa pananaliksik, ang mga mobile apps at social media platforms ay nag-transform ng paraan ng pagpapahayag ng identidad

at pagpapatatag ng relational networks, kung saan ang mga geo-social networking tools tulad ng Grindr ay nagsisilbing bagong espasyo para sa pakikipag-ugnayan, lalo na sa kontekstong LGBTQ+ sa Pilipinas (Solis, 2020, pp. 55–83). Sa ganitong paraan, ang Grindr ay nagiging diskursibong larangan kung saan hinuhubog, sinusubok, at ipinaglalaban ang identidad at pagkakakilanlan sa digital na espasyo—isang pagsasanib ng teknolohiya, kultura, at personal na ekspresyon sa isang lipunang patuloy na nagbabago.

**Paglalahad ng Suliranin**

Sa kabila ng potensyal ng Grindr bilang plataporma ng malayang pagpapahayag, nananatili ang masalimuot na ugnayan ng kapangyarihan, representasyon, at marginalisasyon sa loob nito. Bagaman layunin ng dating applications ang makapagtaguyod ng koneksyon, unti-unti itong nagiging espasyong diskursibo kung saan nabubuo at naipapahayag ang kasarian, sekswalidad, at panlipunang identidad. Kapansin-pansin ang pag-iral ng mga eksklusibong pamantayan at mapanuring pahayag sa mga profile. Halimbawa, binibigyang-halaga ang maskuladong pangangatawan, tiyak na anyo ng pagkalalaki, at partikular na estetika. Nagiging tagpuan ang Grindr ng tensiyon sa pagitan ng kalayaan at pagkakahon. Sa isang banda, may ahensiya ang indibidwal na likhain ang sariling imahe; sa kabilang banda, may presyon na umayon sa dominanteng ideolohiya ng pagkalalaki at kagustuhan.

Batay dito, ang pangunahing suliranin ng pag-aaral ay:

***Paano nagagamit ng mga Pilipinong LGBTQ+ ang mga lingguwistikong estratehiya, simbolo, at imahen sa Grindr upang maipahayag, mabuo, at mapanghawakan ang kanilang kasarian, sekswalidad, at kultural na identidad sa kabila ng mga anyo ng dis-gahum at marginalisasyon sa digital na espasyo?***

Mula sa pangunahing tanong na ito, sinusuri rin ng pag-aaral ang sumusunod:

1. Paano ginagamit ang wika at imahe upang ipahayag ang identidad?
2. Anu-anong simbolo, emoji, at anyo ng wika ang ginagamit upang tukuyin at ipahayag ang sekswalidad at kasarian?
3. Paano nakaaapekto ang ugnayang diskursibo sa proseso ng kapangyarihan at kontra-kapangyarihan?
4. Paano nagiging espasyo ang Grindr sa pagbubuo ng kultural na pag-unawa at identidad ng mga Pilipinong LGBTQ+?

**Layunin ng Pag-aaral**

Nilalayon ng pag-aaral na ito na masusing suriin ang ugnayan ng wika, imaheng pansarili, at diskurso ng koneksyon sa loob ng Grindr bilang salamin ng kontemporanyong karanasang queer sa Pilipinas.

Partikular nitong layunin:

1. Tuklasin ang papel ng mga lingguwistikong estratehiya at imahen sa pagpapahayag ng identidad ng mga miyembro ng LGBTQ+ sa Grindr.
2. Suriin ang paggamit ng simbolo, emoji, at iba pang semiotikong anyo sa pagbuo ng representasyon ng kasarian at sekswalidad.
3. Pag-aralan ang dinamika ng kapangyarihan at kontra-kapangyarihan sa komunikasyon sa loob ng aplikasyon.
4. Ilahad kung paano nagiging espasyo ang Grindr sa paglikha ng komunidad at kultural na pag-unawa ng mga Pilipinong LGBTQ+.

Ginamit sa pagsusuri ang mga lente ng Sikolohiyang Pilipino, Pantayong Pananaw, at Diskursong Bakla upang ilarawan ang karanasan mula sa loob ng sariling wika, kamalayan, at sensibilidad ng kulturang Pilipino.


**Maikling Rebyu ng Kaugnay na Literatura**

Ayon kay Castañeda, ang Grindr ay hindi lamang daluyan ng sekswal na pakikipag-ugnayan kundi espasyo rin ng pagtuklas ng identidad at pagbabahagi ng pansariling naratibo. Ipinakita sa pag-aaral na ginagamit ng mga kabataang bakla ang aplikasyong ito upang maunawaan ang kanilang sarili, magbahagi ng karanasan, at makipag-ugnayan sa kapwa na may katulad na identidad (Castañeda, 2019, pp. 29–58). Ipinakita naman ni Labor na ang pagtatanghal ng sarili sa digital na plataporma ay isang proseso kung saan maaaring magbago ang presentasyon ng identidad mula sa pagiging tapat tungo sa pagiging idealisado o mapagkunwari dahil sa presyon ng panlipunang pamantayan (Labor, 2015, pp. 261–292). Ayon sa pananaliksik nina Jaspal et al., bagaman maaaring magdulot ang paggamit ng Grindr ng positibong epekto tulad ng pagpapalakas ng sexual self-efficacy, may kaakibat itong panganib sa kalusugang mental. Ipinakita ng pag-aaral na ang patuloy na pamamahala ng identidad at ang paghahati ng online at offline na sarili ay maaaring magresulta sa tensyon sa identidad at pagbaba ng psychological well-being (Jaspal et al., 2017, pp. 187–204). Sa kabuuan, ipinapakita ng mga pag-aaral na ang Grindr ay isang diskursibong larangan kung saan nagtatagpo ang identidad, kapangyarihan, at kultura sa digital na espasyo.

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Mahalaga ang pananaliksik na ito dahil inilalantad nito kung paanong ang wika, imahe, at iba pang anyo ng komunikasyon sa digital na espasyo ay maaaring maging instrumento ng parehong pagpapalakas ng indibidwal at pananatili ng hindi pagkakapantay-pantay. Kaugnay ito ng Sustainable Development Goal 5 ukol sa Gender Equality, dahil tinutukoy nito ang mga diskursibong gawi na nagiging daluyan ng ahensiya at pagpapalakas ng loob ng mga miyembro ng LGBTQ+, ngunit maaari ring magpanatili ng eksklusibong pamantayan sa loob mismo ng komunidad. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa Grindr, naipapakita kung paanong naitataguyod o hinahamon ang pamantayan ng pagkalalaki at pagiging katanggap-tanggap. Ang pag-aaral ay ambag hindi lamang sa larangan ng lingguwistika at pag-aaral sa kasarian, kundi sa mas malawak na layunin ng pagkilala sa dignidad at karapatan ng bawat identidad. Sa kabuuan, inilalatag ng pananaliksik ang kritikal na pagsusuri sa interplay ng identidad, kapangyarihan, at kultura sa digital na espasyo, na nagbubukas ng mas malalim at makabuluhang pag-unawa sa karanasan ng LGBTQ+ sa kontemporaryong lipunang Pilipino.

**Konseptwal na Balangkas ng Pag-aaral**




Ang konseptwal na balangkas ng pag-aaral ay nakaangkla sa **modelong Input–Proseso–Awtput (IPO)** upang sistematikong maipakita ang daloy ng pananaliksik mula sa teoretikal na pundasyon hanggang sa inaasahang resulta.

Sa bahaging Input, pinagsasama ang mga lokal at banyagang teorya upang magsilbing lente sa pagsusuri. Tampok dito ang gender performativity at diskursong bakla sa kontekstong Filipino, kung saan tinalakay ni Garcia ang bakla bilang kategorya ng identidad at ang pagtatanghal ng kasarian sa ugnayan ng representasyon at kapangyarihan (Garcia, 2008). Kasama rin ang Pantayong Pananaw, na itinuturing ni Salazar bilang diskursong pangkabihasnan na nagbibigay-diin sa perspektibong Pilipino sa pag-unawa ng lipunan at kultura, lalo na sa pagpapahalaga sa sariling karanasan at kolektibong kamalayan (Salazar, 1997, pp. 55–78). Bilang suporta, ipinapakita ng antholohiya nina Enriquez at Salazar ang malalim na ugnayan ng karanasan, diwa, at konteksto ng kulturang Pilipino sa Sikolohiyang Pilipino at Pantayong Pananaw (Enriquez & Salazar, 1996). Sa teoretikal na balangkas, ginamit ang pananaw ni Butler upang suriin ang pagtatanghal ng kasarian bilang performative act, at ang teorya ni Foucault tungkol sa power dynamics upang masuri ang masalimuot na ugnayan ng kapangyarihan, diskurso, at identidad sa digital na espasyo (Butler, 1990; Foucault, 1978). Sa kabuuan, nagbibigay ang kombinasyong ito ng lokal at banyagang perspektiba sa pagsusuri ng mga alternatibong espasyo ng identidad, komunidad, at representasyon ng kasarian sa konteksto ng digital na mundo.

Ang diskursong bakla ay itinuturing na isang natatanging diskursibong espasyo kung saan ang mga Pilipinong MSM at mga kabataang bakla ay muling binibigyang-kahulugan ang kasarian, sekswalidad, at pagkatao at lumilikha ng sariling representasyon na nakabatay sa lokal na karanasan at konteksto, sa halip na ganap na sumunod sa heteronormatibong pamantayan ng lipunan. Sa aklat Philippine Gay Culture: Binabae to Bakla, Silahis to MSM, tinalakay ni J. Neil C. Garcia ang genealogy ng mga diskurso ng male homosexuality at ang konstruksyon ng mga bakla at gay identities sa urban Pilipinas mula dekada 1960 hanggang kasalukuyan, kabilang ang mga anyo ng resistensya at parodiya laban sa dominanteng kasarian at sekswal na pamantayan (Garcia, 2008, pp. 39–60, 276–387). Kasabay nito, ang Pantayong Pananaw ni Zeus A. Salazar ay ginagamit bilang epistemolohikal na batayan ng pananaliksik. Ayon kay Salazar, ang Pantayong Pananaw ay isang metodo ng pag-unawa sa kasaysayan, kultura, at karanasan ng mga Pilipino mula sa loob ng kanilang sariling salita at

karanasan—isang pananaw na nakatuon sa internal interconnectedness ng mga pagpapahalaga, kaalaman, karunungan, at kilos ng sambayanang Pilipino (Salazar, 1997, pp. 55–78). Ito ay humahamon sa paggamit ng banyagang wika at konsepto bilang pangunahing lente ng pagsusuri at, sa halip, ay pinahahalagahan ang sariling wika at perspektibo sa pagbuo ng kaalaman. Sa ganitong paraan, pinagtitibay ng Pantayong Pananaw ang layunin ng pananaliksik na maging anyo ng kaalamang nagmumula sa loob (emic knowledge), na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pag-unawa sa kultura at karanasan ng mga Pilipino mula sa sariling pananaw at konteksto, sa halip na ipataw ang banyagang interpretasyon sa lokal na panlipunang realidad (Salazar, 1997, pp. 55–78). Ang Sikolohiyang Pilipino ni Virgilio G. Enriquez ay nagsisilbing pangkulturang lente na nagbibigay-diin sa konsepto ng kapwa bilang sentral na salik sa paghubog ng pagkatao, relasyon, at ekspresyon ng mga Pilipino, kabilang ang karanasan ng MSM. Ayon sa pangunahing diskurso ng Sikolohiyang Pilipino, ang kapwa ay isang pagkilala sa shared identity—ang pagkakaisa ng sarili at iba—na kabaligtaran ng hiwalay na pananaw ng indibidwal na karaniwang ginagamit sa mga Kanluraning teorya ng sikolohiya (Enriquez, 1992, p. 11). Sa perspektibong ito, hindi maaaring ihiwalay ang karanasang Pilipino mula sa kultural at relasyunal na konteksto ng indibidwal, dahil ang pagkatao ay nabubuo sa pakikisalamuha, pakikipagkapwa, at paglahok sa umiiral na ugnayan at kultura (Enriquez, 1992, p. 11).

Ipinapakita ng ganitong pananaw na ang pagkilala sa sarili ay hindi simpleng introspeksiyon kundi isang relational process kung saan ang iba (kapwa) ay hindi tinatanaw bilang estranghero kundi bilang bahagi ng kabuuan ng pagkatao. Bilang karagdagang teoretikal na lente, isinasaalang-alang ang mga pananaw nina Michel Foucault at Judith Butler. Gamit ang konsepto ng biopower at power/knowledge ni Foucault, ipinapakita kung paano ang kapangyarihan at diskurso ay hindi lamang panlabas na kontrol kundi mismong nagtutulak sa pagbuo ng mga subjek at katauhan sa loob ng lipunan (Foucault, 1978). Sa ganitong pananaw, ang MSM ay hindi lamang produkto ng umiiral na diskurso kundi aktibong lumilikha ng sarili sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga rehimen ng kapangyarihan at diskurso sa mga plataporma tulad ng Grindr (Foucault, 1988, pp. 16–49). Ipinapakita nito na ang kapangyarihan ay hindi lamang umiiral sa top-down na kontrol ng lipunan kundi sa pakikisalamuha, pag-aangkin ng sarili, at pagsasabuhay ng mga estratehiya upang ipahayag ang personal na identidad. Samantala, binibigyang-diin ni Judith Butler sa Gender Trouble na ang kasarian ay hindi likas na katangian kundi isang reiterated set ng mga kilos na nagtatatag ng "gender" sa diskursal na proseso (Butler, 1990, p. 33). Sa kontekstong digital, ang performatibidad ay multimodal: hindi lamang nakatuon sa pisikal na kilos o salita kundi sa semiotikong representasyon gaya ng profile pictures, bio, emojis, pagpili ng wika, tono, at paraan ng pakikipag-ugnayan. Ang bawat elementong ito ay instrumento sa paglikha, pag-aangkin, at paminsang paghamon sa mga umiiral na normatibong kategorya ng kasarian, sekswalidad, at pagkalalaki sa digital na espasyo (Butler, 1990, p. 33).

Ang bahagi ng Proseso ay nakatuon sa metodolohiyang Multimodal Critical Discourse Analysis (MCDA). Sa pamamagitan ng MCDA, sistematikong sinusuri ang ugnayan ng wika, imahe, teknolohiya, at sosyo-kultural na konteksto sa pagtatanghal ng sarili ng MSM sa Grindr (Kress & van Leeuwen, 2001; Machin & Mayr, 2012). Isasagawa ang longitudinal observation sa loob ng tatlong buwan (Pebrero–Hunyo 2025) upang matukoy ang pattern at pagbabago sa gawi ng mga kalahok. Gagamitin ang triyanggulasyon: Lingguwistikong Pag-aanalisa para sa wika at bio, Semiotikong Pag-aanalisa para sa emojis, larawan, at simbolo, at Kontekstwal na Pag-aanalisa upang iugnay ang mga ito sa sosyokultural na kalagayan ng National Capital Region (NCR). Bilang huling bahagi, ang Awtput ay naglalayong ilantad ang Tanghal-Identidad, na siyang kabuuan ng digital na pagkakakilanlan ng MSM sa nasabing plataporma. Inaasahang ang resulta ng pag-aaral ay magbibigay ng mahahalagang implikasyon sa diskurso ng teknolohiya, wika, at identidad ng mga queer na Pilipino, at magsisilbing ambag sa mas malawak na larangan ng Araling Pilipino at komunikasyon. Layunin nitong ipakita kung paanong ang mga diskurso ng kapangyarihan, kasarian, sekswalidad, at kulturang Pilipino ay naisasabuhay, naipapahayag, at paminsang nasusuway sa pamamagitan ng iba't ibang anyong semiotiko sa digital na plataporma, na nakapaloob sa partikular na historikal at panlipunang kalagayan (Foucault, 1978; Butler, 1990).

Sa kabuuan, ang kombinasyon ng Diskursong Bakla, Pantayong Pananaw, Sikolohiyang Pilipino, at mga teorya nina Foucault at Butler, na isinama sa metodolohiyang MCDA, ay nagbibigay ng matibay, kritikal, at lokal na lente para sa pagsusuri ng pagtatanghal ng identidad ng MSM sa digital na espasyo. Ipinapakita ng balangkas na ito ang sistematikong ugnayan ng teorya, metodolohiya, at inaasahang resulta, na nagbibigay-diin sa integral na relasyon ng kultura, wika, teknolohiya, at kapangyarihan sa paghubog ng digital na pagkatao.

## Metodolohiya

### Disenyo ng Pananaliksik

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng Multimodal Critical Discourse Analysis (MCDA) bilang teoretikal at metodolohikal na balangkas. Ang MCDA ay isang kwalitatibong metodolohiya na naglalayong suriin ang ugnayan ng wika, biswal na representasyon, at konteksto sa pagtatanghal ng identidad sa digital na espasyo. Nagmula ito sa Critical Discourse Analysis (CDA) ngunit pinalalawak ang pokus upang isama ang iba't ibang modaliti tulad ng larawan, kulay, simbolo, layout, at iba pang biswal at teknolohikal na elemento (Kress & van Leeuwen, 2001; Machin & Mayr, 2012). Ang metodolohiyang ito ay angkop sa pag-aaral ng Grindr dahil ang mga gumagamit nito ay nagpapahayag ng sarili hindi lamang sa pamamagitan ng salita kundi pati na rin sa multimodal na pagtatanghal, kabilang ang larawan, emojis, graphics, at iba pang biswal na simbolo.

Ayon sa pag-aaral na "Shades of Digital Deception: Self-Presentation among Men Seeking Men on Locative Dating Apps," ipinakita na ang mga kalalakihan sa locative dating apps tulad ng Grindr ay maingat na inaayos ang kanilang digital self-presentation gamit ang parehong verbal at visual na mga elemento upang ipakita ang kanilang identidad at desirability. Ang konstruksiyon ng impresyon ay nagmumula sa tensyon sa pagitan ng tapat na paglalarawan ng sarili at pagpapahusay nito bilang estratehiya sa pag-akit (Filice et al., 2020, pp. 1598–1620).

Sa kaugnay na konteksto ng social media, ipinapakita ng pag-aaral na "Social Media Self-Presentation of LGBTQ+ Youth in the United States: The Role of Identity Exploration, Context Collapse, and Supportive Feedback" na ang digital na pagtatanghal ng sarili ng LGBTQ+ youth ay may direktang epekto sa identity exploration at pakikipag-ugnayan sa lipunan. Natuklasan sa isang anim na linggong longitudinal na pag-aaral na mas madalas, positibo, at mas authentic ang self-presentations ng mga kabataang LGBTQ+ sa social media kapag mas homogenous ang kanilang perceived audience, at ito ay nauugnay sa pagtaas ng self-acceptance at self-esteem habang humaharap sa phenomenon ng context collapse (Chen & Mares, 2023).

Ang ganitong uri ng self-presentation ay hindi simpleng pagpapakita ng sarili kundi isang masalimuot na proseso ng pagpili at pagpapasya kung aling bahagi ng sariling identidad ang ipapakita sa publiko at kung paano ito tatanggapin ng iba. Bukod dito, ang paggamit ng wika, larawan, at iba pang simbolikong elemento ay nagsisilbing estratehiya upang makipag-ugnayan at makilala sa loob ng mga digital na komunidad.

### Mga Kalahok ng Pag-aaral

Ang pananaliksik ay nakatuon sa mga kalalakihang gumagamit ng Grindr sa National Capital Region (NCR). Ginamit ang purposive sampling kasabay ng sistematikong longitudinal observation upang matiyak na ang mga kalahok ay may malinaw, sustenableng, at mababasang semiotikong at lingguwistikong presentasyon sa kanilang mga propayl. Ang apat na pangunahing kriteriya sa pagpili ng kalahok ay:

1. **Aktibong gumagamit ng Grindr mula Pebrero 1 hanggang Hunyo 2025** – Sinigurado ang katatagan ng kanilang digital identity sa loob ng limang buwang observation window upang maitala ang mga pattern, konsistensiya, at pagbabago sa paraan ng pagtatanghal ng sarili. Ang Pebrero hanggang Mayo ay panahon ng aktibong self-presentation na may pagbabago sa estetika, samantalang ang Hunyo ay mahalaga dahil sa Pride Month, kung kailan madalas idagdag ang mga simbolong politikal at bahagharing emoji sa profile.

1. **May deklaradong edad na labingwalong (18) taong gulang pataas** – Upang matiyak ang etikal na pagsunod, tanging ang edad na nakasaad sa bio ang kinilala. Ang mga propayl na walang deklaradong edad ay hindi isinama upang maiwasan ang paglahok ng mga menor de edad at mapanatili ang integridad ng pananaliksik.

2. **Matatagpuan sa NCR alinsunod sa geolocation feature ng Grindr** – Nakatuon sa sosyokultural na konteksto ng NCR at tinitiyak na ang mga kalahok ay bahagi ng target na komunidad, na mahalaga sa interpretasyon ng semiotikong at lingguwistikong datos.

3. **Nagtataglay ng makabuluhang semiotikong marker sa propayl** – Kasama rito ang bio, larawan, username, emojis, o iba pang anyo ng multimodal na komunikasyon. Mahalagang ang propayl ay may sapat na semiotikong datos upang masuri sa antas lingguwistiko at semiotiko.

Hindi isinama ang mga propayl na walang deklaradong edad, ganap na blank, o walang sapat na semiotic marker. Ang sistematikong pamantayan na ito ay nagbibigay ng malinaw na framework para sa seleksyon ng mga propayl, na tinitiyak ang etikal, metodolohikal, at kontekstwal na integridad ng pananaliksik.

**Pamantayan at Proseso ng Pag-oobserba**

Ang datos ay kinolekta mula **Pebrero hanggang Hunyo 2025**, sa pamamagitan ng **digital ethnography** na nakatuon sa longitudinal na obserbasyon ng self-presentation. Sa bawat sesyon:

1. Kinukuha ang screenshot ng mga propayl sa itinakdang saklaw (1–3 km mula sa lokasyon ng mananaliksik, na sumasaklaw sa mga barangay Addition Hills, Mauway, at Highway Hills sa Mandaluyong).

2. Sinusundan ang bawat propayl sa pagbabago ng larawan, bio, o iba pang semiotikong palatandaan upang mapanatili ang tuloy-tuloy na identidad.

3. Itinatala ang pansamantalang nawalang propayl bilang “inactive” at ikinokonekta ang pagbabalik sa orihinal na code.

4. Lahat ng screenshot ay may petsa at oras upang masubaybayan ang pagbabago sa nilalaman at interaksyon.

Ang ganitong pamamaraan ay nagbibigay-diin sa **sistematikong longitudinal na pagmamasid** at etikal na pangangalap ng datos, na nagpapahintulot sa masinsinang pagsusuri ng mga pattern, uso, at pagbabago sa pagtatanghal ng sarili habang pinapangalagaan ang privacy at karapatan ng kalahok.

**Instrumento**

Ginamit ang **semiotic at lingguwistikong markers** bilang pangunahing instrumento sa pagsusuri. Ang mga marker na ito ay kinabibilangan ng:

- Bio at profile description
- Larawan o gallery images
- Username at emojis

- Layout, kulay, at iba pang biswal

Bawat elemento ay sinuri upang matukoy ang interplay ng wika, biswal, at konteksto sa pagtatanghal ng digital identity. Ang mga kalahok ay binigyan ng natatanging code (hal. U-01 hanggang U-50) upang mapanatili ang anonymity at etikal na integridad.

**Paraan ng Pagsusuri**

Ang pagsusuri ay nakabatay sa **Multimodal Critical Discourse Analysis (MCDA)** na sumusuri sa:

1. **Lingguwistikong palatandaan** – tono, leksikon, gramatika, at iba pang aspeto ng wika sa bio at komunikasyon.
2. **Semiotikong marker** – larawan, emojis, kulay, at iba pang visual na elemento na nagpapahayag ng identidad.
3. **Konteksto** – sosyokultural na implikasyon ng pagtatanghal ng sarili, kabilang ang urban queer na konteksto ng NCR, panahon (tulad ng Pride Month), at digital trends.

Ang pagsusuri ay **qualitative at longitudinal**, tinitiyak ang konsistensya sa datos at pag-unawa sa masalimuot na interaksyon ng wika at imahe sa pagtatanghal ng digital identity. Hindi nakatuon sa dami ng propayl kundi sa kalidad at lalim ng datos, na nagbibigay-daan sa komprehensibong interpretasyon ng self-presentation sa Grindr.

**Pagpapatupad ng Etikal na Pamantayan**

Ang pananaliksik ay sumusunod sa mga prinsipyong etikal sa digital na pananaliksik:

- Pagbibigay ng natatanging code sa bawat kalahok upang mapanatili ang anonymity.
- Pagbubukod sa mga menor de edad.
- Pagsunod sa informed consent at pagprotekta sa privacy ng mga kalahok.
- Pag-iwas sa paggamit ng personal na impormasyon, nakatuon lamang sa self-presentation at multimodal na komunikasyon.

Sa kabuuan, ang metodolohiyang ito ay nagbibigay-diin sa detalyado, longitudinal, at etikal na pagsusuri ng digital na identidad sa Grindr, na may akademikong kaseryosohan at sensibilidad sa lokal na urban at queer na konteksto ng mga Filipino.

## Presentasyon at Pagsusuri ng Datos

Ang kabanatang ito ay naglalayong suriin ang wika at imahen ng pansariling pagtatanghal ng piling kalalakihan sa Grindr. Bago ilahad ang mga resulta ng pag-aaral, mahalagang unawain ang konteksto ng pangangalap at pagproseso ng datos. Ang pagtatanghal ng sarili sa digital na espasyo, partikular sa mga online dating platforms tulad ng Grindr, ay isang dinamikong proseso. Patuloy na nag-a-update, nagbabago, at nag-aayos ang mga gumagamit ng kanilang mga profile upang maipakita ang nais nilang imahe sa kanilang inaasahang audience. Dahil dito, may mga elementong lumitaw sa pagsusuri na hindi ganap na natagpuan sa mga na-archive na screenshot. Ang sistematikong kombinasyon ng unang screenshot, mid-point observation, at huling screenshot, kasama ang detalyadong field notes, ay nakatulong upang mas lubos na maunawaan ang dinamika ng digital self-presentation sa platform. Ang datos ay nakalap sa loob ng isang malinaw at sistematikong monitoring period mula Pebrero 1 hanggang Hunyo 1. Bagaman may ilang elemento o pahayag na lumitaw sa pagsusuri ngunit hindi natagpuan sa mga na-archive na screenshot, ito ay hindi kakulangan sa metodolohiya kundi bunga ng likas na dinamismo at adaptabilidad ng digital self-presentation. Maraming gumagamit ang

nagsasagawa ng "reprofiling," o pagbabago at pag-update ng kanilang larawan, teksto, at iba pang impormasyon sa kanilang profile. Nagpapakita ito kung gaano ka-strategic at adaptive ang mga gumagamit sa pagbuo at pagpapakita ng kanilang digital identities.

Ayon sa isang empirical study na "An Image of Ourselves in Our Minds: How College-Educated Online Dating Users Construct Profiles for Effective Self-Presentation," ipinakita na maingat at may estratehiya ang mga gumagamit ng online dating apps sa pagbuo ng kanilang mga profile upang mailarawan ang nais nilang imahe ng sarili at mapataas ang kanilang atraksyon sa iba. Sa semi-structured interviews sa 20 college-educated na aktibong gumagamit ng dating apps, natuklasan na ang mga kalahok ay pumipili ng mga idealized na larawan na nagpapakita ng positibong personal na katangian, tumutugma sa inaakalang hinahanap ng iba, o minsan ay kumakatawan sa mga katangiang ninanais nilang makamit. Gumagamit din sila ng mga larawang nagpapakita ng personalidad at interes nang hindi ipinapakita ang sarili upang maprotektahan ang privacy (Zhang et al., 2025, pp. 3–6). Ipinapakita rin ng pag-aaral na ang pagpili ng teksto at larawan ay isang may pinag-isipang taktika kung saan isinasaalang-alang ang inaasahang audience at mga posibleng panganib sa privacy (Zhang et al., 2025).

Maaaring ituring na limitasyon ang reprofiling dahil hindi lahat ng unang obserbasyon ay na-snapshot sa tamang sandali. Gayunpaman, nagbibigay din ito ng mahalagang insight sa likas na katangian ng digital self-presentation, kung saan ang identity management ay isang dinamiko, patuloy, at sinadyang proseso na iniangkop ng mga gumagamit batay sa kanilang layunin at social context. Hindi lamang simpleng pagpapalit ng larawan o teksto ang reprofiling; ito ay isang aktibong proseso ng pagtatanghal at muling pagpaposisyon ng sarili sa harap ng inaasahang audience. Dahil dito, mas malinaw kung bakit may ilang datos na lumilitaw sa pagsusuri ngunit hindi tumutugma sa static snapshots, sapagkat ang mga snapshots ay kumakatawan lamang sa partikular na sandali, samantalang ang field notes at mid-point observations ay nagre-record ng mga pagbabago at trend bago o pagkatapos ng mga sandaling iyon. Mula sa epistemolohikal at etikal na tindig, ang paggamit ng kombinasyon ng unang screenshot, mid-point observation, at huling screenshot kasama ng detalyadong field notes ay nagbibigay ng mas malalim at balanseng pagtingin sa mga pattern at tema ng self-presentation. Pinapahusay nito ang interpretative depth ng pananaliksik at nagbibigay-liwanag sa kabuuang diskursong umiiral sa loob ng platform, habang pinoprotektahan ang anonymity at privacy ng mga kalahok sa pamamagitan ng maingat na depersonalization at ethical documentation practices.

Sa ganitong paraan, ang metodolohiya ay hindi lamang nakatuon sa mga static na imahe kundi pati na rin sa proseso ng pakikipag-ugnayan at pagtatanghal ng sarili sa digital space, na patuloy na nagbabago at nag-aangkop sa social at personal na konteksto. Sa kabuuan, ang sistematikong pagkuha at pagsusuri ng datos ay nagbigay-daan upang mas maunawaan ang mga pattern at tema ng self-presentation sa Grindr.

Ang pagsusuri ay nakatuon sa tatlong dimensyon: linguistic analysis, kung saan pinag-aaralan ang wika, tono, retorika, at estruktura ng propayl; semiotic analysis, na tumitingin sa imahen, emojis, ekspresyon, at iba pang biswal na elemento; at contextual analysis, na isinasaalang-alang ang panlipunan, historikal, at kultural na konteksto ng mga diskurso. Ang pag-aaral ay nakabatay sa lokal na teorya ng Sikolohiyang Pilipino, Pantayong Pananaw, at Diskursong Bakla, kasabay ng pandaigdigang pananaw nina Foucault at Butler (Foucault, 1978; Butler, 1990), upang maipakita kung paano muling binubuo at ipinapakita ng mga kalahok ang kanilang identidad sa harap ng digital na madla.

**1. Lingguwistikong estratehiya at imahen sa pagpapahayag ng identidad ng mga miyembro ng LGBTQ+ sa Grindr**

Sa digital na konteksto ng Grindr, ginagamit ng mga kalahok ang wika at larawan bilang pangunahing kasangkapan sa pagpapahayag ng kanilang pagkakakilanlan. Nagsisilbing plataporma ang kanilang mga bio at talambuhay para sa presentasyon ng sarili, kung saan naipapakita ang personal na estilo, disposisyong emosyonal, at ang posisyon ng bawat indibidwal sa loob ng umiiral na pamantayan at

dinamika ng komunidad. Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri, natukoy ang iba't ibang estratehiya sa lingguwistiko at semiotikong pagpapahayag na pinapairal ng mga kalahok upang buuin at pamahalaan ang kanilang identidad sa digital na espasyo.

### 1.1 Diskursibong Estratehiya sa Pagpapahayag at Pamamahala ng Identidad ng mga Kalahok sa Grindr

May anim na pangunahing diskursibong estratehiya na ginamit ng mga kalahok na kalalakihan sa Grindr upang ipahayag, likhain, at pamahalaan ang kanilang identidad sa pamamagitan ng kanilang bio o talambuhay. Kabilang dito ang pagpapahayag ng lakas/pagkalalake, malambot/mapagkalingang anyo, may pagkiling sa pagiging versatile, kubling wika/maligoy na ekspresyon, pagtatago sa anyo/intensyon, at bukás sa damdamin/emosyon. Pinakamataas ang bilang sa kubling wika o maligoy na ekspresyon (22 propayl), gamit ang mga salitang gaya ng "chill convo," "playtime," at mga emoji tulad ng "💦." Nagsisilbing euphemistic strategy ito na naglalayong iwasan ang tuwirang paglalahad ng layunin. Ayon kay Michel Foucault, nagpapakita ito ng mga panloob na tuntunin na humuhubog sa paraan ng pagpapakita o pagtatago ng identidad—isang taktika ng proteksyon laban sa posibleng stigma habang pinananatili ang pagiging "available" at "desirable" (Foucault, 1978). Sa lente ng Sikolohiyang Pilipino, ang konsepto ng *kapwa* ay tumutukoy sa pagkilala sa "shared identity" o pagkakaisa ng sarili at iba, kung saan ang *ako* at ang *kapwa* ay hindi hiwalay kundi magkakaugnay at bumubuo ng batayang relasyunal na dimensyon ng pagkatao (Enriquez, 1992, p. 43). Sa ganitong pananaw, ang panloob na damdamin at intensyon ng isang indibidwal ay hindi laging lantad kundi maaaring sinasadyang itago o ipakita lamang sa piling mga ugnayan bilang paraan ng proteksyon mula sa stigma at para mapanatili ang pakikilahok sa mga proseso ng pakikipag-ugnayan. Ang ganitong relational na pagtingin sa sarili ay makatutulong upang maunawaan ang mga paraan ng pagpapahayag ng lakas o pagkalalake sa mga digital na profile, kung saan ginagamit ng ilang kalahok ang mga ekspresyong tulad ng "dom top," "masc only," at "top ako" upang ipakita ang inaasahang imahe ng pagiging dominant at malakas (Enriquez, 1992, p. 43). Ayon kay Judith Butler, ang kasarian ay hindi likas na katangian kundi isang performative na proseso na binubuo ng mga paulit-ulit na kilos, salita, at ekspresyon sa ilalim ng mga normatibong tuntunin ng lipunan. Sa kanyang argumento, "there is no gender identity behind the expressions of gender; that identity is performatively constituted by the very 'expressions' that are said to be its results" (Butler, 1990, p. 25). Sa kontekstong digital queer space, ang paggamit ng mga terminong tulad ng "dom top," "masc only," at "top ako" ay maaaring ituring na estiladong pagganap na inuulit upang mapagtibay ang isang kanais-nais na identidad sa komunidad (Butler, 1990). Ang ikatlong pinakamaraming naitala ay ang pagtatago ng anyo o intensyon (16 propayl), gamit ang mga salitang gaya ng "DL lang 🤫," "lowkey," at "not showy." Tumutukoy ito sa *strategic ambiguity*, isang diskursibong taktika ng pagiging pribado at maingat na madalas bunga ng internalized homophobia, takot sa paglalantad, o kontrol sa impormasyon. Ayon kay Foucault, ang kapangyarihan ay hindi lamang pumipigil kundi aktibong lumilikha ng mga diskursibong kondisyon kung saan ang mga kahulugan at identidad ay nagiging makabuluhan (Foucault, 1978, pp. 53–73). Sa konteksto ng Pantayong Pananaw ni Zeus A. Salazar, ang diskursong pagtatago ay maaaring maunawaan bilang isang anyo ng *loob-sa-loob* na talastasan kung saan ang pagpapahayag ng kahulugan ay mas nauunawaan ng mga kasapi ng komunidad kaysa sa mga tagalabas. Ang Pantayong Pananaw ay isang metodolohiyang nakabatay sa internal interconnectedness ng karanasan, kaalaman, at kultura na ipinapahayag sa loob ng iisang diskurso at wika (Salazar, 1997, pp. 55–78). May 12 kalahok ang nagpakita ng malambot o mapagkalingang anyo, gamit ang mga pariralang "femme ako 💅," "soft vibes," at "bottom here 🧸." Nagpapahiwatig ito ng linguistic revalorization ng femininity—isang pag-angkin sa feminine traits bilang lehitimong anyo ng pagpapahayag sa loob ng digital queer space. Sa lente ng Diskursong Bakla, ang ganitong representasyon ay hindi simpleng stereotipo kundi isang anyo ng resistensya laban sa hegemonikong maskulinidad (Garcia, 2008). Labing-isang kaso naman ang nagpapakita ng bukás sa damdamin o emosyon, gamit ang mga ekspresyong gaya ng "deep talks 🥺," "romantic here," at "mahalin mo ako." Maaaring suriin ito sa pamamagitan ng konsepto ng *loob* sa Sikolohiyang

Pilipino, na tumutukoy sa panloob na damdamin at relasyunal na dimensyon ng pagkatao (Enriquez, 1992). Ipinapakita nito ang paghahanap ng emosyonal na koneksyon at makabuluhang ugnayan. Sa kabilang dako, may 10 kalahok ang gumamit ng diskursong nagpapahiwatig ng versatility, gamit ang mga katagang “verse w/ heart” at “switch.” Nagpapakita ito ng pagsalungat sa sekswal na binarismo at pagtanggap sa fluidity ng sekswal na identidad, na umaayon sa pananaw ni Butler hinggil sa pagiging performative at non-fixed ng kasarian (Butler, 1990).

**1.2 Lingguwistikong Estratehiya sa Pagpapahayag ng Sekswal na Papel sa Grindr**

Ginagamit ng mga kalahok sa Grindr ang wika upang iposisyon at ilarawan ang sarili sa loob ng hookup culture. Ang mga terminong top, bottom, at vers ay hindi lamang tumutukoy sa sekswal na gampanin kundi nagsisilbing marka ng gender, kapangyarihan, at kahandaan sa pakikipag-ugnayan. Ayon sa taxonomy ng profile na pinag-aralan, 20 kalahok ang hindi nagbanggit ng anumang sekswal na papel sa kanilang bio. Ito ay maaaring basahin bilang isang estratehiya ng pagbibigay-ambigwidad at kontrol sa interpretasyon ng mambabasa, at pagpapakita ng sarili bilang indibidwal na may sariling kapangyarihan sa pagbuo ng kahulugan. Mula sa perspektibo ng Sikolohiyang Pilipino, ang pakikipag-ugnayan sa pamamagitan ng wika ay nauugnay sa konsepto ng pakikiramdam. Ang pakikiramdam ay tinutukoy bilang “shared inner perceptions” na nagbibigay-daan upang maramdaman at mabasa ang damdamin ng iba sa isang sosyal na interaksyon. Ito ay isang mataas na antas ng sensitibidad at pagkilala sa emosyon at pahiwatig ng kausap, na nagbibigay-daan upang maunawaan ang intensiyon kahit hindi tuwirang sinabi (Enriquez, 1992, p. 45). Sa pag-aaral ng mga profile, ang 11 kalahok na tumukoy sa sarili bilang top ay karaniwang gumagamit ng mga ekspresyon tulad ng “dom top” at “top lang,” na nagpapahiwatig ng dominasyon at inaasahang maskulinidad. Ang 9 na nagsabing bottom ay gumamit ng mga ekspresyong mas receptive at submissive, habang ang 10 na nagsabing vers ay nagpapakita ng diskursibong fleksibilidad bilang pagsuway sa mahigpit na binarismo ng top at bottom, at bilang pagpapakita ng sexual fluidity sa digital queer space. Ayon sa Pantayong Pananaw, isang internal na paradigma sa pag-aaral ng diskurso at kultura na pinaunlad ni Zeus A. Salazar, ang diskurso ay dapat umusbong mula sa atin para sa atin at nauunawaan sa loob ng sariling kontekstong kultural at karanasan ng mga Pilipino (Salazar, 1997, pp. 123–126). Ito ay nagmumungkahi ng pagtingin sa mga terminong wika at identidad bilang produktong nag-ugat sa sariling proseso ng komunikasyon at pagbuo ng kahulugan sa lipunang Filipino. Sa konteksto ng kulturang Filipino at queer discourse, ang mga termino at estratehiyang ito ay hindi lamang simpleng label ng sekswal na papel kundi bahagi ng mas malawak na paraan ng pagtatanghal at negosasyon ng sarili, kapwa, at kapangyarihan sa loob ng queer digital space.

**1.3 Lingguwistikong Estratehiya sa Pagpapahayag ng Layunin sa Grindr**

Ipinapakita ng pag-aaral ang iba't ibang lingguwistikong estratehiya na ginagamit ng mga kalahok upang ipahayag ang kanilang layunin sa paglahok sa Grindr. Ang mga pariralang ito ay nagsisilbing diskursibong palatandaan ng intensyon, pagkatao, at oryentasyong sosyal. Pinakamaraming naitalang bilang, 21 profile, ang tahasang naghahayag ng kasiyahan o kaswal na layunin, gaya ng "FWB only," "fun lang," at "quickie." Ayon kay Judith Butler, ang ganitong pahayag ay anyo ng sexual identity performance, isang deklarasyong mulat sa sariling pangangailangan, at pag-angkin ng kalayaan sa tradisyonal na kaisipang romantiko (Butler, 1990, p. 176). May 14 kalahok naman ang nagpahiwatig ng pagiging bukás sa posibilidad, gamit ang mga ekspresyong gaya ng "see where it goes" at "chat lang muna." Ito ay halimbawa ng strategic ambiguity, isang diskursibong paraan upang ipakita ang intensyon nang hindi lubos na nagkukumpromiso sa sarili, at bahagi ng socio-pragmatic strategy upang mapanatili ang kontrol sa komunikasyon. Ang 10 kalahok ay nagpapahayag ng seryoso o matagalang layunin, gaya ng "long-term sana," "study buddy," at "slow burn." Sa lente ng Sikolohiyang Pilipino, ito ay diskurso ng loob, isang pagbubukas ng emosyonal na sarili at pagkilala sa relasyunal na katangian ng pakikipag-ugnayan (Enriquez, 1992, p. 45). Kaunti lamang, 4 profile, ang tuwirang nagpahayag ng transaksyonal na ugnayan, gamit ang "for hire,"

"client-based," o "cash only." Ayon kay Michel Foucault, ito ay maaaring basahin bilang counter-discourse, isang deklarasyon na lumalampas sa moral na inaasahan ng lipunan upang ipaglaban ang awtonomiya sa sariling katawan at pagkatao (Foucault, 1978, p. 25). Sa Diskursong Bakla, ang mga pahayag na ito ay radikal na deklarasyon ng sariling sekswal na intensyon sa harap ng lipunang madalas ay mapanghusga (Garcia, 2008, p. 102). May 8 kalahok na hindi nagbigay ng tiyak na layunin, gamit ang "open," "depends," at "hmmm?" Ito ay diskursibong taktika ng kalabuan, isang paraan ng pag-iwas sa agarang paglalantad ng layunin. Ipinapakita ng mga pahayag na ang wika sa Grindr ay ginagamit bilang strategic communicative tool upang maipahayag, maprotektahan, o maiangkop ang sarili sa inaasahang uri ng ugnayan. Hindi lamang ito paglalarawan ng hangarin kundi pagbuo ng diskurso ng pagnanasa, emosyon, at kapangyarihan. Sa Pantayong Pananaw, ang wika sa Grindr ay bahagi ng diskursong queer na may sariling kaayusan ng kahulugan, isang semiotikong diskursong tayo (Salazar, 1997, pp. 123–126).

**1.4 Diskursibong Estratehiya sa Grindr: Modality Words at Direktang Panawagan sa Bio**

